

Gyro

MAG-KAISA FUKUSHIMA

Pang-anim na edisyon(2011-12-15)

Petsa ng Paglabas) Disyembre 15,2011
(Ito ay inilathala isang beses sa isang buwan)

※Gumagawa ang Lungsod ng pagtatayo muli at pagbabalik ng dating Fukushima. Ating tunghayan ang bagong pangyayari sa Fukushima. You can also download this newsletter in English, Chinese, Korean, Portuguese, Tagalog and French versions on our website.

【This newsletter is sponsored by CLAIR】



Senaryo sa Fukushima



**Nagsimula ng pagpipitas ng Fuji Apple
(Date City, 2011.11.30)**

Ang mansanas na pumapangalawa sa peach na tanim sa Lalawigan ng Fukushima. Ang pagkakaroon ng matamis na parte sa may buto na tulad ng sa pulot-pukyutan at sa laki at bango nito na may mataas na reputasyon hindi lang sa lungsod ng Japan ganoon din sa ibang bansa.



**Pagdekorasyon ng mga Christmas lights sa Siyudad
(Fukushima City, 2011.12.1)**

Tuwing sasapit ang bagong taon at taglamig dito ay nakagawian ng pagdedekorasyon ng mga ilaw. Ang mga dekorasyon sa ibat-ibang pamilihan ay nagbibigay pag-asa sa panumbalik ng dating fukushima.



**Ang pagtanggap ng mensahe mula sa Kindergarten ng bansang Chile
(Fukushima City, 2011)**

Isang mensahe mula sa bansa ng Chile ng dating exchange student ng highschool na si Felipe upang mag-bigay ng kasiyahan sa Fukushima na pinadala sa Mebae Kindergarten.



Tinig mula sa Fukushima

Tinig mula kay Ginoong Ken Uryu(lalaki, Bayan ng Kitakata)

Ang Kitakata ay tinatawag na bayan ng noodles at may maraming Japanese style na bodega na dinadayo ng mga turista. Taon taon tumatanggap ng 500 excursion ng mga paaralan,ngunit bumaba ng 95% itong taong ito. Kahit mababa ang sukat ng radiation sa Kitakata bumaba ang bilang ng mga turista. At hindi mo makikitang nagdadagsaan ang bus ng mga pang-turista.Nagbigay ng mungkahi ang Kamara ng Komersiyo ng “Furusato Tomodachi” na ang mamayan ng Kitakata ay bibigyan ng mga post card na kanilang ipapadala sa mga kamag-anakan at kaibigan sa ibang bansa. Ang adhikain ng proyektong ito ay upang ipaabot sa kanila na ligtas ang Kitakata sa mga dayuhang nais magbakasyon. Ang aking lang pag-asa ay panindigan ng Gobyerno ng Fukushima ang kaligtasan ng Kitakata sa radiation. Kahit na ako ay handa na sa mahabang laban,ang aking lang malaking pinag-aalala ay ang pinsala sa utak. Ang aking lang masasabi sa mga mamayan ng Fukushima ay “Tayo’y magkaisa Fukushima”.

Tinig mula kay Ginang Megumi Yoshida (babae, Lungsod ng Fukushima)

Ako ay mula sa lungsod ng Niigata at nagtapos sa lalawigan ng Nagoya. Ako ay nagtatrabaho sa ahensiya ng Forestry simula ng Abril. Noong Marso 10, araw bago ang lindol ako ay inabisuhan na madestino sa lungsod ng Fukushima. Ngunit ng maganap ang lindol ay nasira ang maga daan at walang mga biyahe patungong Fukushima na ipinag-alala ko na baka di ako makagtrabaho sa takdang araw. Ako ay nabahala sa balitang pagsabog ng planta ng nukleyar. Ngunit ako ay nakalipat sa Fukushima sa tulong ng aking magulang. May mga pag-agam agam ako sa pamumuhay dito sa Fukushima hinggil sa apekto ng radiation. Naniniwala akong matatapos din ang problemang ito at magiging magaan sa aking isipan. Upang di makaranas ng stress hinahayaan kong maging abala sa aking gawain.

Tinig mula kay Ginang Masami Kanno (Nihonmatsu mula Pilipinas)

Pagkatapos ng lindol, maraming taga Namie ang lumikas sa aming lugar. Kami ng mga taga shelter ay tumulong at nanilbihan sa mga lumikas. Sa nakalipas na sakuna maraming nawalan ng mahal sa buhay at Tirahan. Kung iisipin mo kahit na may takot pa sa lindol at radiation ay masuwerte pa rin ako. Ngayon ang pinapakain kong bigas sa mga bata ay galing sa ibang lugar at sa aming mga matanda ay bukod din. Araw-araw dalawang beses akong nag-sasaing. Araw-araw din nakikibaka sa hindi nakikitang kalabang radiation. Ngunit sama sama kaming magpamilya kaya nakakayanan namin ito. At ang pinaka importante para hindi maistress ay ang sumali sa ibat-ibang pangyayari.

Tinig mula kay Ginoong Zhang Qun (Fukushima mula Tsina)

Ako ay isang nagmamay-ari ng Chinese restaurant. Nang matapos ang lindol ay hindi kapaniwala ang nangyari sa restaurant na wala pang isang taon simula ng buksan ito. sira sira ang mga kasangkapan, walang tubig at koryente kayat di makapag bukas. Ako ay na shock kung papaano simulan ngayon ang buhay. Ngunit nagpapasalamat ako sa aking mga kostumer na walang tigil ang pagsuporta na siyang ikinatuwa ko. Simula noong lindol nais kong magbakasyon ngunit may mga tungkulin pang dapat ayusin.

Nakuha kong pagtibayin ang pagtiwala at relasyon sa pagitan ng aking mga kostumer. Ito'y isang kayamanan na hindi mapapalitan. Sa kadahilanan ng nakaraang kalamidad marami ang nawalan ng trabaho. Ang aking lang hinihiling sa Gobyerno ay ang mabilis na pagpapabalik ng Fukushima sa dati. Pagpapatuloy ko ang pagsisilbi ng pagkain Tsina at pagyamanin ang relasyong nabuo ng nangyari ang kalamidad.

Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>